

Update sa COVID-19 – ika-8 ng Hulyo 2020

PATNUBAY

Isang paalala na mayroong komprehensibong takda na mga naka-dokumentong mga patnubay na matatagpuan sa FIG COVID website na www.fig.gov.fk/covid-19/.

Kasama dito ang mga patnubay sa mga employers at mga negosyo, at kamakailan lamang ay naisama ang patnubay para sa mga Tour Guides.

Kasama rin ang mga patnubay sa mga indibidwal, kasama ang mga paglilinaw na aming inilabas noong nakaraang linggo sa kung bakit mayroon pa rin tayong abiso sa social distancing at mga bubbles.

Inuulit naming, na ang lahat ng abiso ay patnubay lamang, hindi ito batas at hindi ka malalagay sa alanganin kung hindi mo sundin ang distansya o konsepto ng bubble – ito ay isang abiso lamang para sa mas ligtas na paraan ng pamumuhay sa gitna ng pandemya na dulot ng COVID. Sa kaganapang makaranas tayo ng outbreak sa loob ng isla, ang abiso na ito ay susuriin muli at ang patnubay ay iaakma dito.

PASASALAMAT

Malinaw na ang mga kaganapan ngayon 2020 ay hindi inaasahan, at tayong lahat ay kailangang mag-adjust at gumawa ng mga sakripisyo, bilang mga indibidwal, pamilya, negosyo, o ang Gobyerno. Hindi ito naging madali, at matatagalan pa bago ang mundo ay makarating sa isang klase ng normalidad. Kung titingnan nating ang mga kaganapan sa buong mundo, makikita natin kung gaano tayo kaswerte na manirahan dito sa Falkland Islands. Sa kinakaharap na mga pagsubok kamakailan, napatunayan nating muli na ang ating komunidad ay nababanat sa mga panahon ng kahirapan, tayo ay nagsama-sama at inalagaan ang isa't isa, at tayo ay nagpakita ng diwa ng social responsibility, na naipakita ng mga tao sa pagsunod at patuloy na pagsunod sa mga patnubay ng Gobyerno habang sinusuong natin ang pandemya. Nakisama ang bawat isa sa atin, at nais naming pasalamatan ang lahat.

MGA ESTUDYANTE SA FURTHER AT HIGHER EDUCATION

Batid ng FIG na ang mga magulang at estudyante ay lubos na nag-aalala tungkol sa kanilang mga pagsasaayos para sa pag-aaral sa UK para sa bagong termino ngayong Setyembre, at ang Kagawaran ng Edukasyon ay patuloy na nakikipagtulungan sa ating mga kasamahan sa FIG at mga UK Further Institutions para mapagaan ang mga panganib sa mga estudyante tungkol sa kanilang pagbabalik eskwela. Ang pagtatapos ng UK quarantine restrictions para sa mga pasahero na paparating mula sa Falkland Islands ay isang positibong pagbabago na nakatulong sa pagbabawas ng mga isyu na kinakaharap ng mga estudyante na magbabalik eskwela sa UK.

Ang mga pagsasaayos ay isinasagawa na, at ang lahat ng mga magulang na may anak sa Further o Higher Education ay direktang tatawagan ng Kagawaran ng Edukasyon sa tamang panahon, gayunpaman, kasama dito ang mga sumusunod na pagsasaayos:

- Paggawa ng *database* ng mga tagapangalaga ng bawat isang estudyante.
- Mga pagsasaliksik kung saan ang *remote learning* ay isang potensyal na pansamantalang daan sa hinaharap.
- Pakikipatunlungan sa mga tagapagbigay ng edukasyon para makita at mabawasan ang mga panganib, kung posible. Ang bawat establisyemento ay may iba ibang paraan dito.
- Paghihikayat sa mga estudyante na magpa-reserve ng kanilang tirahan habang maaga, dahil ang kapasidad ay maaaring mabawasan.
- Inabisuhan ang mga estudyante sa Higher Education na makipagugnayan sa kanilang mga Unibersidad para linawin ang antas ng kanilang suporta na maaaring makuha.